DE LA SALLE UNIVERSITY

# SELDA SAMPAGUITA

## Isang Malawak na Pagtalakay ng Buhay at Karanasan ng Limang Babaing Nahatulan ng Bitay

---

Isang Tesis

na Iniharap sa

Mga Guro ng Departamento ng Behavioral Sciences

Unibersidad ng De La Salle

---

Para sa Pagsasakatuparan ng Bahaging

Pangangailangan sa

Digring Batsilyer sa Sining ng Sikolohiya,

Sosyolohiya at Antropolohiya

---

ni

Maria Lourdes S. Sagmit

Agosto, 1985

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas

## MGA NILALAMAN


PILYEGO NG PAGTANGGAP . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . iii

PASASALAMAT . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . iv

ABSTRAK . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . v

1. UNANG KABANATA - ANG SULIRANIN . . . . . . . . . . . . . . 1
   Panimula . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 1
   Paglalahad ng Suliranin . . . . . . . . . . . . . . . . . 3
   Kabuluhan ng Pananaliksik . . . . . . . . . . . . . . . . 4
   Sakop at Limitasyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 6
   Kahulugan ng mga Salitang Ginamit . . . . . . . . . . . . 7

2. IKALAWANG KABANATA - Pagbabalik-Aral sa mga Panitikang May Kaugnayan sa Saliksik . . . . . . 10
   Panitikang Kanluranin . . . . . . . . . . . . . . . . . . 10
   Literaturang Pilipino . . . . . . . . . . . . . . . . . . 12

3. IKATLONG KABANATA - PAMAMARAAN . . . . . . . . . . . . . . 15
   Disenyo ng Saliksik . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 15
   Ang mga Kalahok . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 15
   Pamamaraan ng Pananaliksik . . . . . . . . . . . . . . . 17
   Mga Instrumento . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 19
   Pagsusuri ng mga Datos . . . . . . . . . . . . . . . . . 20

4. IKAAPAT NA KABANATA - KINASAPITAN NG PAG-AARAL . . . . . . 23
   Unang Kalahok . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 24
   Ikalawang Kalahok . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 45
   Ikatlong Kalahok . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 64
   Ikaapat na Kalahok . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 78
   Ikalimang Kalahok . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 95
   Mga Suliranin ng mga Kalahok sa PBB Batay sa Kanilang Karanasan at Pagbibigay - Kahulugan . . . . . . 101

5. IKALIMANG KABANATA - PAGSUSURI NG DATOS . . . . . . . . . 102
   Ang mga Pagkakahawig ng mga Babaing Nahatulan ng Bitay . . . . . . 102
   Pangkasalukuyang Kundisyon ng mga Babaing Bilanggo Batay sa mga Kritikal na Yugto at Elemento . . . . . . 116

Ang Pambansang Bilangguan ng mga Babae
sa Pananaw ng Limang Kalahok . . . . . . . . . . . . . . 117

6. IKAANIM NA KABATANA - KABUUAN, KONKLUSYON
AT REKOMENDASYON . . . . . . . . . . 124
Kabuuan/ Konlusyon ng Pananaliksik . . . . . . . . . . . . . 124
Mga Rekomendasyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 131
Mga Tagubilin . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .131
Mga Mungkahi Para sa Susunod na
Pananaliksik . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 140

MGA PINAGSANGGUNIAN . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 143

Mga Tsart

TSART I - Unang Kalahok:
Mga Elementong Nagdala sa Kalahok sa
mga Yugto . . . . . . . . . . . . . . . . . 42
TSART II- Ikalawang Kalahok:
Mga Elementong Nagdala sa Kalahok sa
mga Yugto . . . . . . . . . . . . . . . . . 61
TSART III-Ikatlong Kalahok:
Mga Elementong Nagdala sa Kalahok sa
mga Yugto . . . . . . . . . . . . . . . . . 75
TSART IV -Ikaapat na Kalahok:
Mga Elementong Nagdala sa Kalahok sa
mga Yugto . . . . . . . . . . . . . . . . . 92
TSART V - Mga Pagkakahawig ng Limang Babaing
Nahatulan ng Bitay . . . . . . . . . . . . 126
TSART VI -Pangkasalukuyang Kundisyon ng mga
Babaing Nahatulan ng Bitay
Batay sa mga Kritikal na Yugto
at Elemento . . . . . . . . . . . . . . . . 130

Ikaanim na Kabanata
KABUUAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Kabuuan at Konklusyon ng Pananaliksik

Mula sa anim na pinagmulan ng datos, ang mga sumusunod na k kaalaman ay nakuha:

1. Na ang babaing bilanggo nanahatulan ng bitay ay may pagkakahawig sa kanilang background tulad ng: (a) pagmula sa isang malaking pamilya (apat hanggang pitong anak) at maging bunso o pinakamalapit sa bunso; (b) panamatili sa piling ng mga magulang mula sa kapanganakan hanggang sa magkaroon ng asawa (apat sa limang babae) at pag-aaruga sa kanila ng mga ito (tatlo sa limang babae); (k) ang pagpapakasal sa murang gulang (labindalawa hanggang dalawampu't tatlong gulang) na kadalasan ay bilang pagsunod sa kahilingan ng mga magulang (tatlo sa limang kalahok); (d) ang pagkakaroon ng limitadong pakikisalamuha sa tao ng pamayanan dala ng kahigpitan ng mga magulang (tatlo sa limang kalahok); (e) ang kawalan ng interes, magandang karanasan, kaligayahan sa pag-aaral at pagtatapos ng kurso; (h) ang kawalan ng matatag na paniniwala sa Panginoon, pati na ang hindi pagsapi sa anumang organisasyong pang-espirituwal.

2. Na sa ilang aspeto ay may lubusang pagkaka-iba ang mga kalahok sa isa't isa tulad ng pagkamatay ng mga magulang ng unang kalahok sa maagang panahon.

3. Na ang mga bilanggo ay may kani-kanilang karanasan, pagbibigay-kahulugan at mga kritikal na yugto mula sa panahong

naganap ang krimen hanggang sa kasalukuyan.

4. Sa pangkasalukuyang yugto ng mga bilanggo (apat sa lima) ay may pagkakahawig din sa elementong nagdala sa kanila sa nasabing yugto: paniniwala sa Panginoon.

5. Na ang kanilang pagtingin sa institusyon ay maaaring bunga ng kanilang pagkaka-iba-iba sa background, mga karanasan at kritikal na yugto, bagamat ang limang kalahok ay nagpahayag din ng ilang magkakatulad na suliraning nabuo mula sa kanilang pananaw.

6. Na ang mga kalahok ay nakaranas na at nakakaranas pa sa kasalukuyan ng mga suliranin sa loob ng bilangguan tulad ng: (a) kakulangan ng pang-pisikal na pangangailangan (gamot, yuniporme, masustansiyang pagkain, at pagpapahinga mula sa trabaho), na nagiging masahol sa pagnakaw at pagkuha ng mga gamit ng ibang bilanggo at guwardiya; (b) pagkawala ng paggalang ng mga guwardiya at kawani ng PBB; (k) ang kawalan ng kaalaman tungkol sa mga regulasyon ng institusyon; (d) ang kakulangan ng pagkakataong mapa-unlad ang kundisyong pang-espirituwal at iba pa.

7. Na ang institusyong PBB, kasama na ang ibang piitan, ay kailangang pag-aralan at suriin para sa tiyakang kagalingan ng sistemang-rehabilitasyon.

8. Na ang kriminalidad ay hindi maipapaliwanag ng iisang dahilan o elemento lamang. Ito ay isang pangyayaring kasinghirap ipaliwanag ng pagkabuhay ng tao sa daigdig. Ito at ang katauhang-kriminal ay nasasabing bunga ng pagkakaugnay ng mga kontribusyong ibinibigay ng iba't ibang elemento sa buhay ninuman.

Mga Rekomendasyon

Ang bahaging ito ay hinati sa: (a) mga tagubilin para sa praktikal na pamumuhay, na ibinibigay sa lipunan; at (b) mga mungkahi at haka-haka para sa mga sumusunod na saliksik.

Mga Tagubilin

1. Ang pinagmulang pamilya ay ang pinaka-unang ahensiya ng pagkontrol upang maiwasan ang kriminalidad. Ito rin ang maaaring pinakamalaking elemento sa pagiging kriminal. Dito nagkakaroon ng pinaka-malalim na uri ng pakikisalamuha kung saan ang bata sa mga unang taon ng kaniyang pagsandal at pag-asa sa tulong ng iba, ay may katauhang napakadaling mahubog at maiba. Dahil dito, kailangang tiyaking: (a) ang tahanan ay disente at may pagka-permanente upang ang bata ay mahikayat na manatili sa bahay nang maiwasan niya ang masamang impluwensiya ng pamayanan at upang siya ay masubaybayan ng mga magulang; (b) ang pantahanang kundisyon ay dapat magbigay ng mga pangangailangan ngbbata tulad ng pang-unawa, komunikasyon, pang-pisikal na lakas at pagmamahal; (k) ang pagsanay sa bata sa pagdadala ng responsibilidad at pagpapahalagang panlipunan sa kaniyang piling at malalim na uri ng pakikipag-ugnayan; (d) ang pakikibahagi ng ama sappagpapalaki sa bata, na hindi karaniwan sa kulturang Pilipino. Sa ganitong paraan, ang pananaw ng bata ay kumpleto mula sa pagkaranas ng pagtutulungan sa gawain at responsibilidad ng isang matatag at nagkaka-isang pamilya.

2. Ang mag-anak ay kailangang may kaalaman sa mga responsibilidad na moral sa pamamagitan ng pagtanggap ng tulong sa kanilang pag-unawa ng relihiyon at ang tungkuling ito'y ipakita at iparamdam sa araw-araw na pamumuhay. Mas makabubuti ang pagkakaroon ng pampamilyang gawain na nauukol sap pang-espirituwal na kundisyon tulad ng sabay-sabay na pagdadasal at pagbabasa ng bibliya upang matatag ang pagkaka-isa sa buong pamilya at pagpaparamdam sa bata ng kaniyang mga obligasyon sa lipunan atsa Panginoon. Ang pagtuturo ng mga magulang sa mga anak ng relihiyon at paniniwala sa Diyos ay umpisa sa pagbuo ng pagpapahalaga sa Diyos at pagkontrol sa sariling kilos na maaaring taliwas.

3. Sa paaralan naman, ang bata ay kumukuha ng kaniyang mga unang responsibilidad na pang-pamayanan at sibiko at dahil dito ay kailangang tiyakin ang pagtuturo ng mga tamang pagpapahalaga at pagsasanay sa pagharap sa mga suliranin sa buhay ng tao.

4. Ang simbahan ay kailangang kumilos sa pagpapadala ng mga misyonaryo sa iba-ibang lunan upang ituro ang paniniwala sa Panginoon. Bukod dito, ang madalas na pagdalaw sa mga babaing bilanggo na nangangailangan ng gabay at pagtuturo ng mga tauhan ng simbahan ay dapat isagawa. Kailangang bigyan ng pantay-pantay na pagkakataon ang mga bilanggong makausap ng mga nasabing dalaw. Kaugnay din dito ang mga mungkahing magbigay ng isang permanenteng pari sa PBB upang umasikaso sa mga pangangailangang espirituwal ng mga bilanggo.

5. Ang mga dalaw ng mga bilanggo,lalung-lalo na ang mga mag-aaral, ay dapat dumaan sa isang sesyon bago sila maglibot sa PBB, na magbibigay sa kanila ng pangunahing kaalaman tungkol sa mga bilanggo. Ito ay makatutulong sa pag-iwas ng pananakit ng kalooban at kawalan ng tiwala sa mga bilanggo.

6. Ang pamayanan naman ay maaaring makatulong sa pagsugpo ng kriminalidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga "facilities" para sa kasiyahan ng kabataan, mga gawaing positibong resulta tulad ng pagpapaunlad ng pamayanan, upang magamit sa mabuting proyekto ang lakas at talino ng kabataan, upang hindi mainip at mabagot sa isang uri ng buhay, at maaaring magdala sa kabataan sa kriminalidad. Maaaring makadama ang kabataan ng mataas ng paggalang sa sarili dala ng pagpapakita ng kakayahang magkaroon ng silbi sa mas malaking pamayanan at lipunan.

7. Ang pamahalaan, bilang isang institusyong may malaking epekto sa mga kasapi ng lipunan, ay dapat makipagtulungan sa pagsugpo ng kriminalidad. Ang lahat ng ahensiya at kagamitan nito ay maaaring magbigay ng libreng edukasyon sa mga kabataang dapat ay matutong magbasa at magsulat subalit napaka-dukha para tumuntong sa paaralan.

a) Kailangang mangalaga ito sa kapakanan at kinabukasan ng mga kabataan sa pamamagitan ng pagpapasunod sa mga nakasulat na batas. Kailangang mabigyan ng nararapat na kaparusahan ang napatunayang nagkasala at ang pagpapalaya sa mga taong wala namang ginawang masama at taliwas. Sa pamamagitan nito, ang lipunan ay mas

mag-iingat sa paggawa o pag-isip man lamang ng taliwas na kilos. Ito ay maisasagawa lamang kung ang mga tao o publiko ay may sapat na pagtitiwala at kompiyansa sa kakayahan nila sa pagpapatupad ng mga batas. Ang paglilinis ng masamang reputasyon ng pamahalaan ang isang malaking pangangailangan sa bagay na ito.

b) Ang pagpapaunlad ng mga lalawigan at baryo nang sa gayon ay hindi kailangang lumuwas sa mga lunsod ang mga taga-lalawigan sa kanilang kagustuhang makahanap ng mas mabuting hanapbuhay. Sa kanilang pakikipagsapalaran ay dumagdag lamang sila sa suliranin sa lunsod tulad ng kawalan ng hanapbuhay, polusyon at iba pa. Sa mga pagkakataong hindi nila kayang mabuhay ay nakaka-isip sila at nakagagawa ng mga taliwas na kilos, na nagsasama ng krimen. Maaari ding ang mga dating taga-lunsod ay makapaghanapbuhay din sa lalawigan upang mapaunlad nilang lahat ang kanilang kabuhayan at pang-ekonomiya at panlipunang antas.

k) Ang mahigpit na pagpapatupad ng mga sumusunod na batas sa bagong konstitusyon:

Article 17: Joint Parental Responsibility Over the Children

Article 59: Criminal Liability to Parents who fail to enroll their child as required in Article 72

Article 85: Duty of Community to bring a healthy environment for the well-being of children

8. Ang pagbibigay ng nararapat na oryentasyon ng mga empleyado ng PBB sa bawat babae na pumasok sa nasabing piitan, upang maiwasan ang nakahihiyang karanasan ng mga bilanggo sa loob ng kanilang

unti-unting pagtuklas ng mga regulasyon ng PBB. Ito ay masasaad sa mga gawain at tungkulin ng mga empleyado ng PBB.

9. Ang pagbibigay ng mga pangangailangan ng mga bilanggo tulad ng yuniporme, sabong panlaba, gamot na nararapat sa sakit at dinaramdam ng bilanggo at iba pa. Sila nga ay nagkasala (batay sa pasya ng hukom) subalit hindi ito sapat na dahilan upang ang mga bilanggo ay itrato na parang mga nilalang na nasa mas mababang antas tulad ng ibang hayop. Kailangang igalang pa rin ang kanilang pagkatao.

10. Ang pangunahing pagsisiyasat at pagsusuri ng kaso na maaaring makatanggap ng kaparusahang kamatayan sa silya elektrika ay dapat gawin ng municipal judges at hindi lamang ng ibang alagad ng batas. Mas makakabuting puntahan nila ang lunan kung saan ang krimen ay nagaganap, at ang personal na pagtatanong sa mga saksi, upang makakuha ng mga datos mula sa sariling pagsisiyasat kaysa ang pagbabatay ng mga kaparusahang igagawad sa bilanggo sa mga affidavit na ibinihay ng mga saksi sa pagtatanong ng iba. Sa ganitong paraan, ang hukom ang siyang may kaalaman sa pangyayari, at maiiwasan pa ang pagkuha ng maling datos o kaalaman.

11. Kailangang gumawa at magpatupad ng batas ng nagbabawal ng pagkuha ng affidavit o ng summon declaration ng nasasakdal kung walang tulong o gabay ng isang manananggol o counsel. Ito ay isasagawa upang maiwasan ang paglabag ng batas sa konstitusyon (1973) na nagsabing:

Article IV: Section XIX, Bill of Rights: (1973)

> In all criminal prosecution, the accused shall be presumed innocent until the contrary is proved, and shall enjoy the right to be heard by himself and counsel, to be informed of the nature and cause of accusation against him, to have a speedy, impartial ang public trial . . .

At nang pangyayaring ang bilanggo ay hindi lubusang sinasabihan ng detalye tungkol sa kaso, isang pangyayaring maaaring naglagay sa tao sa jundisyong ipinaliwanag pa rin sa Konstitusyon (1973):

Article IV: Section XXII, Bill of Rights (1973)

> No person shall be twice put in jeopardy of punishment for the same offense. If an act is punished by a law or an ordinance, conviction or acquittal under either shall constitute a bar to another prosecution for the same act.

Ang pagkakaroon ng babaing kriminal ay maituturing na indikasyon ng sakit ng lipunan at ang paghina ng lakas ng mga institusyong panlipunan.

Bilang mga mamamayanan, hindi tayo dapat magbulag-bulagan sa katotohanang ito, o kaya ay itago ang ating mga mukha na parang ostrich. Ang pagkakaroon pa lamang ng mga kaalaman tungkol sa naturang suliraning panlipunan ay simula na ng ating pagharap sa suliraning ito.

Ang isang tapat na pagsisiyasat ng ating panlipunang sistema, at ang madetalyeng pagsusuri ng mga posibleng dahilan o elementong nagbigay ng kontribusyon sa pagbuo ng katauhang-kriminal ang mga unang hadlang sa pagsupil ng kriminalidad sa Pilipinas, lalo na mg

kababaihan. Kasabay nito ang pagbukas ng ating mga isipan at pagtanggap ng mga pagbabagong dinadaanan ng lipunan, upang maisagawa ang pagtama ng lipunan.

Ang kabigatan ng nasabing suliranin ay nangangailangan ng pagsasama ng lakas mula sa iba-ibang institusyon at sektor ng lipunan, upang makakuha ng epektibong kalutasan sa mga suliranin. Ang suliranin ng kriminalidad ay hindi responsibilidad o sagutin ng isang institusyon at sektor ng lipunan lamang. Kailangan ang pagtutulungan sa bagay na ito. Ang pagkilos ng iisang sektor lamang ay maaaring ikapahamak ng buong lipunan.

Mga Mungkahi para sa Sususnod na Pananaliksik

1. Ang pagtigil sa paggawa ng mga paimbabaw na pananaliksik na tumatalakay sa mga elemento tulad ng kakulangan ng edukasyon at kahirapan na tila nag-iisang dahilan ng kriminalidad. Ang iba't ibang elementong tinalakay sa pag-aaral na ito ay maaaring suriin upang makita ay pag-uugnayan ng kanilang mga kontribusyon sa pagbuo ng katauhang-kriminal, sa halip na talakayin sila sa paraang _cause and effect_.

Ang mga elementong ito ay maaaring binubuo ng (a) ang laki ng pamilya at mga implikasyon nito; (b) ang pag-aaruga at pagbibigay ng atensiyon at pagmamahal sa batang babae mula sa mga magulang; (k) ang kundisyon ng isang babaing may-asawa, ang mga suliranin dito, lalo na ang maagang pag-aasawa, at mga implikasyon nito; (d) ang kakulangan ng edukasyon at uri ng buhay-mag-aaral, pati na ang

kontribusyon nito sa paghubog ng moralidad, pag-iisip at pagkilos ng isang tao; at (e) ang kakulangan ng pananalig sa Panginoon at mga implikasyon nito. Ang mga ito ay ilan lamang sa napakaraming elemento na maaaring hanapin at pag-aralan tulad ng impluwensiya ng malalapit na kaibigan, kultura ng lipunang pinaggalingan ng bila bilanggo (kung paano at ano ang pagbibigay-kahulugan sa mga konseptong taliwas at kriminalidad) at iba pa.

Kaugnay dito ang pangangailangang suriin ang mga implikasyon ng mga elemento sa uri ng pamumuhay at ng lipunan na ginagalawan ng mga babae sa Pilipinas.

2. Ang pag-aaral ng mga regulasyon, pamamalakad at pag-uuri ng mga kawani sa institusyong Pambansang Bilangguan ng mga Babae at ang ibang piitan. Kailangang alamin kung ang obhetibong/layuning itama ang taliwas na kilos at pag-uugali ng mga bilanggo ay natutupad ng mga sistemang pang-rehabilitasyon sa tama at makataong paraan. Mula dito'y maaaring magbigay ng tuwirang rekomendasyon sa pagpapaunlad ng rehabilitasyon ng mga bilanggo sa Pilipinas.

3. Ang pag-aaral ng mga kriminal na pasok-labas ng institusyon. Ang mga katanungan tulad ng: (a) Anu-ano ang mga dahilan ng pagiging <u>recidivist</u> ng ilang babae? Ito ba'y dahil sa pansariling katangian, sa lipunan, o pareho? (b) Ano ang pagkakaiba ng mga <u>recidivist</u> sa ibang bilanggong pagkatapos makalaya at hindi nagbalik muli sa loob ng institusyon? at iba pa.

4. Maaaring tunghayan ang buhay ng mga bilanggong matagal ding nanatili sa loob ng institusyon at ngayon ay nabubuhay na sa lipunan sa labas ng piitan. Ang mga katanungan tulad ng: (a) Anu-ano ang mga pangunahing suliranin na naranasan ng bilanggo sa mga unang yugto ng kaniyang pagkalaya? (b) Anu-ano ang mga pamamaraang ginamit niya upang malutas ang mga ito? (k) Siya ba'y lubusan nang nakabalik sa "normal" na kundisyon sa lipunan? at iba pa.

5. Bigyan din ng pansin ang physio-psychological na karanasan at kundisyon ng mga bilanggo at kababaihan nito sa pagbubuo ng kat katauhang-kriminal.

6. Ang pagsuri ng mga hakbang ng iba't ibang institusyon sa pagsugpo ng kriminalidad, upang malaman kung ang mga pamamaraang ito ay tama at kaakbay ng tunay na obhektibo/layunin.

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga aspeto ng pag-aaral ng kriminalidad ng kababaihan sa Pilipinas na maaaring isagawa.